

Pakikilaban sa Espirituwal Yugto 3

“7 Sapagka't hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan at ng pagibig at ng kahusayan.” (1 Timoteo 1:7 KJV)

Sa pasimula nilikha ng Dios ang Langit at lupa at lahat ng mga bagay na nakikita natin sa sansinukob. Nilikha Niya ang tao sa sariling Niyang wangis, ***“27 At nilalang ng Dios ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae.” (Genesis 1:27 KJV)*** ***“28 At sila'y binasbasan ng Dios, at sa kanila'y sinabi ng Dios, Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa, at inyong supilin; at magkaroon kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa bawa't hayop na gumagalaw sa ibabaw ng lupa.” (Genesis 1:28 KJV)*** Inilagay ng Dios ang tao sa halamanan sa silangan ng Eden, at inilagay Niya sa kanyang pamamahala ang hardin upang alagaan at pangalagaan ito. Ngunit pumasok ang ahas, si Satanas, at natukso ang tao gamit ang kanyang sariling masamang motibo at pagnanasa kaya hindi siya sumunod sa Dios. Nang hindi sumunod ang tao sa Dios, nawala ang kanyang kapangyarihan sa lupa. Ngunit sa kabila ng kasalanan ng tao, ginawang posible ng Dios ang kaligtasan para sa sangkatauhan nang ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Panginoong JesuCristo upang tubusin ang sangkatauhan mula sa kasalanan at kamatayan. Namatay si Jesus sa krus para sa ating mga kasalanan, inilibing Siya at muling nabuhay mula sa kamatayan sa ikatlong araw upang ibigay ang buhay na walang hanggan sa lahat ng maniniwala sa Kanya at sumusunod sa Kanyang mga yapak sa buhay. Sa pamamagitan ng kamatayan ni Jesus sa krus at Kanyang pagkabuhay na mag-uli sa ikatlong araw, nakuha Niya ang tagumpay laban sa kasalanan at kamatayan at naibalik Niya ang tagumpay at kapangyarihan na ipinagkaloob ng Dios sa sangkatauhan. Sa Kanyang kamatayan sa krus, kinuha ni Jesus ang ligal na pagmamay-ari at ibinigay sa atin ang tungkulin na sakupin ang lupa.

Sa mensaheng ito pag-aaralan natin ang paraan at ang mga alintuntunin ng pakikipaglaban at paano magiging mabunga at palaguin sa bilang; punuin ang sanglibutan at supilin ito.

1. Kailangan nating lumabas at pumasok sa lupa upang anghin ito: sa ***Josue 1:2-3*** pinag-uusapan ang ganitong bagay, ***“2 Si Moises na aking lingkod ay patay na; ngayon nga'y tumindig ka, tumawid ka sa Jordang ito, ikaw, at ang buong bayang ito, hanggang sa lupain na aking ibinibigay sa kanila, sa makatuwid baga'y sa mga anak ni Israel. 3 Bawa't dakong tuntungan ng talampakan ng inyong paa, ay naibigay ko na sa inyo, gaya ng sinalita ko kay Moises.”*** Kaya kailangan muna nating agawin ang lupa nang pisikal. Kailangan nating lumabas at ipangaral ang ewangelio, kailangan nating lumabas at gumawa ng mga disipulo. Kailangan nating lumabas sa ating nakasanayan at maabot ang mga bagong tao sa lahat ng posibleng paraan. Hindi lang umupo sa opisina, kundi gawin ang gawaing panlabas.

2. Ang pag-angkin ay may kondisyon: Gaya ng mababasa natin sa ***Exodo 23:20-27***, ***“20 Narito, aking sinusuqo ang isang anghel sa unahan mo, upang ingatan ka sa daan, at upang dalhin ka sa dakong aking inihanda sa iyo. 21 Magingat kayo sa kaniya, at dinggin ninyo ang kaniyang tiniq; huwag ninyong mungkahiin siya: sapagka't hindi niya patatawarin ang inyong pagsalangsang; sapagka't ang aking pangalan ay nasa kaniya. 22 Datapuwa't kung didinggin mong lubos ang kaniyang tiniq, at qagawin mo ang lahat ng aking sinasalita; ay magiging kaaway nga ako ng iyong mga kaaway, kaalit ng iyong mga kaalit. 23 Sapagka't ang aking anghel ay magpapauna sa iyo at dadalhin ka sa Amorrheo, at sa Hetheo at sa Perezee, at sa Cananeo, at sa Heveo, at sa Jebuseo, at aking lilipulin. 24 Huwag kang yuyukod sa kanilang mga dios, o maglilingkod man sa mga yaon, o qagawa man ng ayon sa kanilang mga gawa, kundi iyong iwawaksi at iyong pagpuputulputulin ang kanilang mga haligi na pinakaalaala. 25 At inyong paglilingkuran ang Panginoon ninyong Dios, at kaniyang babasbasan ang iyong tinapay at ang iyong tubig; at aking aalisin ang sakit sa gitna mo. 26 Walang babaing makukunan, o magiging baog sa man, sa iyong lupain: ang bilang ng iyong mga araw ay aking lulubusin. 27 Aking susuguin ang sindak sa unahan mo, at aking liligaligin ang buong bayan na iyong paroroonan, at aking patatalikurin sa iyo ang lahat ng iyong mga kaaway.*** Kailangan nating sumunod sa Dios upang magtagumpay at makuha ang lupang ipinangako. Inutusan ng Dios ang mga tao na magpapadala Siya ng isang anghel sa unahan nila upang bantayan sila at dalhin sa lugar na inihanda Niya, ngunit kailangan nilang makinig at sumunod sa kanya. Hindi nila dapat sambahin ang mga dios ng lupang papasukin nila o sundin ang kaugalian ng mga tao roon. Kapag sumunod sila, matatanggap nila ang pagpapala ng Dios. ***Tinatawag tayo upang sumunod sa Salita ng Dios, at hindi sundin ang pagsamba sa dios-diosan o ang mga relihiyoso at makamundong gawi, at sa ganitong paraan matatanggap natin ang mga biyaya ng Dios. Kung walang pagsunod sa mga utos at tagubilin ng Dios, walang pagliligtas at walang tagumpay mula sa Panginoon.***

3. Ang pag-aari ay hindi agad-agad kundi paunti-unti: ***Exodo 23:29-30*** sinasabi, ***“29 Hindi ko palalayasin sila sa harap mo sa isang taon; baka ang lupa'y maging ilang, at ang mga ganid sa parang ay magsidami laban sa iyo. 30 Untiunting aking palalayasin sila sa harap mo, hanggang sa ikaw ay kumapal at manahin mo ang lupain.” (Exodo 23:29-30 KJV)*** Kaya kailangan nating maging matiisin at maghintay sa Dios at sa

Kanyang tamang panahon upang manguna at tapusin ang gawain para sa atin. Ang pagpasok sa lupain at paggawa ng mga alagad ay hindi madaling proseso; nangangailangan ito ng oras at maraming enerhiya, pagtitiis, at katatagan. Kaya hindi natin kailangan magmadali para hindi tayo maligaw sa daan.

4. Dapat ganap ang pag-angkin: Sa *Bilang 21:1-3*, sinabi na ganap na winasak ng mga Israelita ang mga Cananeo kasama ang hari nilang si Arad, *“1 At ang Cananeo, na hari sa Arad, na tumatahan sa Timugan ay nakabalita na ang Israel ay dumating sa daan ng Atarim; at nilabanan niya ang Israel at binihag ang iba sa kanila. At ang Israel ay nanata sa Panginoon, at nagsabi, Kung tunay na ibibigay mo ang bayang ito sa aking kamay, ay aking lubos na gigibain nga ang kanilang mga bayan. 3 At dininig ng Panginoon ang tinig ng Israel, at ibinigay ang Cananeo sa kanila, at kanilang lubos na nilipol sila at ang kanilang mga bayan: at ang ipinangalan sa dakong yaon ay Horma.”* Ngunit sa aklat ng *Mga Hukom 1*, nang sinimulan ng mga anak ng Israel na angkinin ang lupa, hindi nila pinalayas ang mga Cananeo, kundi ginawa nilang mga alipin. Bilang bunga, ang mga Cananeo ay naging tinik sa kanilang mga gilid at ang kanilang mga dios ay naging patibong sa kanila. Nagsimula silang sumamba sa kanila kaya’t kinailangan ng Dios na ibigay sila sa kanilang mga kaaway. Ito ay halimbawa para sa atin at isang bagay na dapat nating maging maingat. Kung pahihintulutan natin ang mga kaaway tulad ng mga sugat sa loob, sama ng loob, hindi pagpapatawad, poot, takot, kawalan ng kapanatagan, awa sa sarili, katamaran, pagnanasa, imoralidad, kasakiman, kalinisan, atbp., ay manatili sa ating buhay at sa ating paligid, sila rin ay magiging patibong sa atin at sa huli ay sisimulang guluhin tayo. Kung pahihintulutan natin ang makalupa, kinaugalian at relihiyosong mga gawain sa ating buhay, magiging patibong din ito para sa atin at magbubukas ng daan para sa mga demonyo na dumating at atakihin tayo at sirain ang ating buhay.

Sinasabi sa atin ng Salita ng Dios ang sumusunod: *“27 Ni bigyan daan man ang diablo.” (Epeso 4:27 KJV)* Kaya ang kabanalan at paglilinis mula sa kasalanan ay napaka halaga. *“3 Nguni’t ang pakikiapid, at ang lahat ng karumihan, o kasakiman, ay huwag man lamang masambit sa inyo, gaya ng nararapat sa mga banal;” (Epeso 5:3 KJV)* Ang kasalanan sa iyong buhay ay isang pinanghahawakan para sa diablo upang makapasok sa iyong buhay at wasakin ito. *“31 Ang lahat ng kapaitan, at kagalitan, at pagkakaalit, at kadaldalan, at panglilibak, ay mangaalis nawa sa inyo, pati ng lahat ng masasamang akala.” (Epeso 4:31 KJV)* Itong lahat ng pinanghahawakan para sa diablo at magdudulot ito ng masamang epekto sa ating buhay at ating paglilingkod sa Panginoon.

“3 Makipagtiis ka sa akin ng mga kahirapan, na gaya ng mabuting kawal ni Cristo Jesus. 4 Sinomang kawal na nasa pagkakawal ay hindi nahalubilo sa mga bagay ng buhay na ito; upang siya’y kalugdan niyaong nagtala sa pagkakawal.” (2 Timoteo 2:3-4 KJV) Kailangan nating lumayo mula sa lahat ng kamunduhan upang makapaglingkod tayo sa Dios, paluguran ang ating Panginoong JesuCristo at labanan ang diablo.

Ang diablo at laban sa tao at nais sa taong sumuway sa Dios, kaya kailangan nating maging maingat kung paano sumunod sa Dios, sumunod sa Kanyang kalooban at labanan si Satanas upang siya’y tumakas palayo sa atin. Ang Dios ay kasama natin, at maninindigan Siya sa ating tabi para tulungan tayong labanan ang gawain ni Satanas at iligtas tayo. Dahil dito, isinugo ng Dios ang Kanyang anak na si Panginoong JesuCristo para iligtas tayo mula sa kasalanan at kamatayan. Si Jesus ay namatay sa krus para sa ating mga kasalanan; siya ay inilibing at muling nabuhay sa ikatlong araw para bigyan tayo ng buhay na walang hanggan. *“8 Ang gumagawa ng kasalanan ay sa diablo; sapagka’t buhat pa nang pasimula ay nagkakasala ang diablo. Sa bagay na ito’y nahayag ang Anak ng Dios, upang iwasak ang mga gawa ng diablo.” (1 Juan 3:8 KJV)* Kaya kailangan tayong maging mabubuting kawal ni Cristo. Dumating si Jesus upang tulungan tayo sa ating pakikipaglaban at pakikilaban laban sa diablo, kaya dapat tayong makipagtulungan sa Dios at maglakad nang tapat kasama Siya at gampanan ang mga responsibilidad na Niya tayong ipinagkatiwala upang lumaganap ng Kaniyang Salita at alagaan ang Kaniyang simbahan.

5. Kailangan nating itali ang Malakas na Tao: Sa *Lucas 11:21-22* itinuturo sa atin na, *“21 Pagka ang lalaking malakas na nasasandatahang lubos ay nagbabantay sa kaniyang sariling looban, ang kaniyang mga pag-aari ay wala sa panganib. 22 Datapuwa’t kung siya’y datnan ng ibang lalong malakas kay sa kaniya, at siya’y matalo, ay kukunin nito sa kaniya ang lahat ng kaniyang sandata na kaniyang inaasahan, at ipamamahagi ang mga nasamsam sa kaniya.”* Gaya ng pagdadala ni Josue ng tagumpay sa Israel, gayundin ibibigay ni Jesus ang tagumpay sa simbahan. Kailangan nating ibigkis ang malakas na tao; sabi sa *Mateo 16:19*: *“19 Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: at anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit.”* *“29 O papaano bagang makapapasok ang sinoman sa bahay ng malakas, at samsamin ang kaniyang mga pag-aari, kung hindi muna gapusin ang malakas? at kung magkagayo’y masasamsaman niya ang kaniyang bahay.” (Mateo 12:29 KJV)* Sa pangalan ni Jesus maaring nating ibigkis ang malakas na tao. Kapag ang kawalan ng katiyakan, takot, kawalan ng pananampalataya, pagtanggi, pagiging mababa ang tingin sa sarili, panghihina ng loob, atbp. ay nakagapos, kailangan itong palitan ng bago: seguridad, pananampalataya, pagtanggap, kapayapaan, ginhawa, atbp. Sinasabi sa *Lucas 11:24-26*, *“24 Pagka ang karumaldumal na espiritu ay lumabas sa isang tao, ay lumalakad sa mga*

dakong walang tubig, na humahanap ng kapahingahan, at pagka hindi makasumpung, ay sinasabing, Babalik ako sa aking bahay na nilabasan ko. 25 0At pagdating niya ay nasusumpungang walis na at nagagayakan. 26 Kung magkagayo'y yumayaon siya, at nagsasama ng pito pang espiritu na lalong masasama pa kay sa kaniya; at sila'y nagsisipasok at nagsisitahan doon: at nagiging lalo pang masama ang huling kalagayan ng taong yaon kay sa una.” Kapag bumalik ang mga dating kaaway laban sa atin, kailangan natin silang itali at ipagpatuloy ang ating gawin para maitatag ang positibong kabaliktaran ng mga iyon. Kapag bumalik ang mga dating kaaway, kailangan nating tumindig laban sa kanila, lumaban at huwag hayaang pumasok sila sa ating buhay.

6. Kailangan nating magpatuloy! At huwag sumuko: Sinasabi sa ating sa *Isaias 57:14* na, “*14 At kaniyang sasabihin, inyong patagin, inyong patagin, inyong ihanda ang lansangan, inyong alisin ang katitisan sa lansangan ng aking bayan.*” Sa *Mga Gawa 20:24* sinabi ni Pablo ang sumusunod: “*24 Datapuwa't hindi ko minamahal ang aking buhay na waring sa akin ay mahalaga, maganap ko lamang ang aking katungkulan, at ang ministeriong tinanggap ko sa Panginoong Jesus, na magpatotoo ng evangelio ng biyaya ng Dios.*” Ang buhay ni Pablo ay humihikayat sa atin na tapusin ang laban at kumpletuhin ang gawain na ibinigay sa atin ng Panginoong Jesus—ang gawain ng pagpapahayag ng evangelio ng biyaya ng Dios. Kapag sumuko ang isang sundalo, siya ay namamatay. Kailangan nating patuloy na labanan ang pagod, sakit, takot, at lahat ng bagay na humahadlang sa ating paglakad kasama si Cristo. Gawin mo ang pangako sa Dios na hindi ka magpapalungkot o susuko.

7. May kapalit ito: Kailangan ng sundalo na iwan ang bahay, pamilya, kaginhawahan, at katiyakan. Hinarap niya ang kalungkutan, kakulangan sa ginhawa, takot, at kamatayan. Bilang mga alagad ni Jesus, tayo ay sinabihan sa *Lucas 9:23-24*, “*23 At sinabi niya sa lahat, Kung ang sinomang tao ay ibig sumunod sa akin, ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin sa arawaraw ang kaniyang krus, at sumunod sa akin. 24 Sapagka't ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay, ay mawawalan nito; datapuwa't sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin, ay maililigtas nito yaon.*” Ang pagsusumikap sa digmaan ay nangangahulugang pagsasakripisyo ng oras, pagsisikap, pag-uugali, materyal na bagay, kagustuhan, pag-aayuno at panalangin. Ngunit huwag kalimutan na may gantimpala rin para sa iyong gawa at pagsisikap para sa Panginoon. Ipinangako sa atin ni Jesus ang mga sumusunod: “*29 At sinabi niya sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Walang taong nagiwan ng bahay, o asawang babae, o mga kapatid, o mga magulang o mga anak, dahil sa kaharian ng Dios, 30 Na di tatanggap ng makapupung higit sa panahong ito, at sa sanglibutang darating, ng walang hanggang buhay.*” (*Lucas 18:29-30 KJV*)

8. Lumakad sa tagumpay: Napagtagumpayan na ni Jesus ang tagumpay. Sa *Hebreo 2:14* sinasabi, “*14 Dahil sa ang mga anak ay mga may bahagi sa laman at dugo, siya nama'y gayon ding nakabahagi sa mga ito; upang sa pamamagitan ng kamatayan ay kaniyang malipol yaong may paghahari sa kamatayan, sa makatuwid ay ang diablo:*” Sa pamamagitan ni Jesus nanagumpay na tayo laban kay Satan. Sinasabi sa *1 Corinto 15:57*, “*57 Datapuwa't salamat sa Dios, na nagbibigay sa atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo.*” Ibinigay sa atin ni Jesus ang tagumpay at ang kapangyarihan laban sa kaaway. Sinasabi sa *1 Juan 4:4*, “*4 Kayo'y sa Dios, mumunti kong mga anak, at inyong dinaig sila: sapagka't lalong dakila siyang nasa inyo kay sa nasa sanglibutan.*” Para magpatuloy na mamuhay sa tagumpay, mayroon tayong mga pananagutan na dapat panatilihin at mga kinakailangang dapat makamit, at bilang mga sumusunod:-

A. Kailangan nating ipahayag ang ating mga kasalanan, at huwag hayaan ang hindi naipinahayag na kasalanan ang maging dahilan para hindi tayo makalaban: Sinasabi sa *1 Juan 1:10*, “*10 Kung sinasabi nating tayo'y hindi nangagkasala, ay ating ginagawang sinungaling siya, at ang kaniyang salita ay wala sa atin.*” Ipinapaalala sa atin sa *Epeso 4:27* na, “*27 Ni bigyan daan man ang diablo.*”

B. Panatilihin ang ating pananampalataya sa Dios: Sinasabi sa *1 Juan 5:4-5*, “*4 Sapagka't ang sinomang ipinanganak ng Dios ay dumadaig sa sanglibutan: at ito ang pagtatagumpay na dumadaig sa sanglibutan, sa makatuwid ay ang ating pananampalataya. 5 At sino ang dumadaig sa sanglibutan, kundi yaong nananampalatayang si Jesus ay anak ng Dios?*” Ito ang ating pananampalataya na mapagtagumpayan ang sanglibutan.

C. Magpasakop sa Dios at labanan ang Diablo: Sinasabi sa *Santiago 4:7*, “*7 Pasakop nga kayo sa Dios; datapuwa't magsisalangsi kayo sa diablo, at tatakas siya sa inyo.*” Kapag lumapit ang kaaway laban sa atin, kailangan nating ganap na isuko ang ating mga sarili sa Dios, sa gayon kaya nating labanan ang diablo at sigurado na siya ay aalis sa atin.

Sa aking mahal at minamahal: “*20 Datapuwa't sa isang malaking bahay ay hindi lamang may mga sisidlang ginto at pilak, kundi mayroon din namang kahoy at lupa; at ang iba'y sa ikapupuri, at ang iba'y sa ikasisirang-puri. 21 Kung ang sinoman nga ay malinis sa alin man sa mga ito, ay magiging sisidlang ikapupuri, pinakabanal, marapat gamitin ng mayari, nahahanda sa lahat ng gawang mabuti.*” (*2 Timoteo 2:20-21 KJV*) May malaking gawain na nakalaan sa iyo at nais ng Dios na gamitin ka para sa Kanyang dakilang gawa. Kaya kailangan mong ihanda ang iyong sarili para dito. Samantalain mo ngayon ang pagkakataon na

pakinggan ang tawag ng Dios at hayaang linisin ka ng Salita ng Dios at ng Espiritu Santo mula sa lahat ng karumihan. **“10 Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran.” (Epeso 2:10 KJV)**

Bagama't tayo'y nasa pakikipaglaban, Maaari tayong mapukaw dahil ang tagumpay ay nasa sa atin na sa pamamagitan ni Cristo Jesus at ibinigay Niya sa atin ang lahat ng kailangan natin para tumayo at talunin ang kaaway. May pribilehiyo tayong maging bahagi sa pagsakop ng lupain para sa ating punong pinuno, ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo.

Ngayon, balikan natin at italaga ang ating sarili sa mga alintunin ng espiritwal na pakikilaban na ating pinag-aralan sa mensaheng ito:

- 1. Kailangan nating lumabas at pumasok sa lupa upang angkinin ito.**
- 2. Ang pagangkin ay may kundisyon.**
- 3. Ang pag-aari ay hindi agad-agad kundi paunti-unti.**
- 4. Dapat ganap ang pag-aari.**
- 5. Kailangan nating itali ang Malakas na Tao.**
- 6. Kailangan nating magpatuloy! At huwag susuko.**
- 7. May kapalit ito.**
- 8. Lumakad sa tagumpay:** Para magpatuloy sa lumakad sa tagumpay may mga responsibilidad tayong kailangang gampanan at mga kinakailangan na dapat makamit at gaya ng sumusunod:-

A. Ipahayag ang ating mga kasalanan, at huwag hayaan ang hindi naipahayag na kasalanan ay maging dahilan para hindi tayo makalaban.

B. Panatilihin ang ating pananampalataya sa Dios.

C. Magpasakop sa Dios at labanan ang Diablo.

Manalangin tayo...

Ang aking Panalangin: Amang Dios Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at muling nabuhay mula sa patay sa ikatlong araw upang ibigay sa akin ang buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa pagbukas ng aking isip sa pamamagitan ng pagtuturo at lahat ng Banal na Kasulatan na ating nabasa at napag-usapan sa mensahe. Panginoon, salamat sa lahat ng materyal at espirituwal na pagpapala na aming natanggap mula sa iyo na nagpapalakas sa amin upang magpatuloy sa aming buhay nang matagumpay. Panginoon, salamat sa pagpapalakas ng aming pananampalataya at pagtitiwala sa iyo. Panginoon, salamat sa lahat ng mga aral, pagtutuwid, pagsaway at payo na aming natanggap sa mensaheng ito.

Magsisi at itakwil ang lahat ng iyong mga kasalanan. Itakwil ang lahat ng iyong mga dios-diosan, kasakiman sa pera at iba pang materyal na bagay. Magsisi sa inggit at selos. Magsisi sa iyong mga kasinungalingan, panlilinlang, pagnanakaw, pandaraya, pagnanasa, pangangalunya, imoralidad at iba pang gawa ng laman. Magsisi at talikuran ang iyong makamundong kaisipan at pagmamahal sa materyal na bagay. Magsisi at talikuran ang lahat ng iyong takot, pag-aalinlangan, kaba, negatibong pag-iisip, kawalan ng tiwala sa sarili at awa sa sarili. Magsisi sa paggawa ng sarili mong kagustuhan at plano. Magsisi sa iyong kapalaluan, katamaran, hindi pagpapatawad sa tao, galit, paghihiganti at pakikipag-away. Talikuran ang iyong pamatok sa mga hindi mananampalataya, kaibigan at sa pag-aaksaya ng oras sa Media, laro at Balita. Magsisi sa kakulangan mo sa panalangin at pagbabasa ng Salita ng Dios. Magsisi sa hindi ka handang maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Panginoon, ako'y nagsisisi, patawarin mo ako, tinatakwil ko ang mga sumusunod na kasalanan _____.

Panginoon, linisin mo ako at pabanalin upang maging isang marangal na sisidlan sa iyong paglilingkod. Panginoon, ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na mamuhay bilang isang kawal para kay Cristo Jesus na aking Panginoon. Tulungan mo ako, Panginoon, at bigyan mo ako ng kahinahunan, tibay, at pagpipigil sa sarili upang magpatuloy sa paglilingkod sa iyo at huwag sumuko. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili upang mangaral ng iyong Salita at gumawa ng mga disipulo sa lahat ng mga bansa, at handa akong sundin ang lahat ng iyong mga utos at ang mga aral na natanggap namin sa mensaheng ito. Panginoon, isusuko ko ang aking buhay sa iyong mga kamay at handa akong sundin ang iyong Salita at mga utos. Panginoon, labanan mo ang aking mga kaaway at supilin sila. Panginoon, huwag mong hayaang sakupin nila ang aking lupain at ibalik mo sa akin ang mga bagay na kinuha ng kaaway mula sa akin noon. Ito aking ang hiling at dalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.

Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, tinalikdan ang kanilang mga dios, nilinis ang kanilang puso at isipan, at inialay ang kanilang buhay at paraan para lumakad sa katotohanan

ng Iyong Salita. Iginagapos ko ang lahat ng gawa ni Satanas at mga demonyo sa kanilang buhay at itaboy silang lahat sa pangalan ni Jesus. Panginoon, protektahan mo sila, ipaglaban sila at harapin ang kanilang mga kaaway. Panginoon, ibalik mo sa kanila ang lahat ng kinuha ng kaaway sa kanila. Panginoon, bigyan mo sila ng tapang, lakas ng loob, pagibig, at maayos na isipan para ipagpatuloy at paglingkuran ka. Panginoon, panatilihin mo silang matatag at ibigay ang kanilang pangangailangan para ipagpatuloy ang paglilingkod sa Iyo at maging mabuting halimbawa sa iba para sundan ka.

Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan, ipaglaban mo ang mga laban para sa amin, iligtas mo kami sa aming mga suliranin, at harapin ang lahat ng aming mga kaaway. Panginoon, ibalik mo sa amin lahat ng kinuha ng diablo mula sa amin. Nilalabanan namin ang lahat ng gawa ng diablo at itaboy ito mula sa buhay ng simbahan sa pangalan ni Jesus. Panginoon, gabayan mo kami sa pagtulong sa mga tao sa pagkaalipin upang iligtas sila mula sa lahat ng kapangyarihan ng kadiliman. Panginoon, handa kaming lumabas at pumasok sa lupang ipinagkaloob mo sa amin at sakupin ito ayon sa aming natutunan sa mensaheng ito. Panginoon, puspusin mo kaming muli ng iyong Banal na Espiritu, at gabayan kami upang mangangaral, abutin ang bagong tao at paglingkuran sila, gumawa ng bagong alagad at sanayin ang mga bagong manggagawa, magtanim ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon, ihanda mo kami para sa iyong pagdating upang sumama sa iyo kapag dumating ka. Panginoon, dalangin namin na mas maraming tao ang mabautismuhan sa tubig at tumanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

